DENR

DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# Re: Intricate issue on Lot 478 & 479 pls-395-D located at Brgy. Cambunang,Bulalacao,Oriental Mindoro

1 message

**arlene samson** <arlenesamson1104@gmail.com> Sat, Jan 14, 2023 at 10:59 PM
To: DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

Magandang araw po sa inyo.
Sa totoo lang po ang sabi ng inyong legal officer nakapagpadala na sila ng sagot sa aking mga naunang sulat via registered mail at ikinalulungkot ko ring sabihin na hanggang sa kasalukuyan wala po akong natanggap na sagot sa aking sulat at ang katotohanan po ay ang panghaharas ng nagpakilalang may-ari ng isang public land ang nakakatakot paano kung magkaroon ng patayan at may mga pagbabanta na po ngayon sa buhay ng mga magsasaka na aktwal na nagsasaka? Hihintayin pa rin ba namin ang sinasabing sagot ng legal division via registered mail? O magbigay na lamang kayo ng kopya ng nasabing kasagutan? Hindi kawalan ang pagbigay ng panibagong kopya kung ang nakasalalay po ay ang kaligtasan ng buhay ng mga magsasaka na aktwal na nagsasaka.
Sa ngayon pareho pong naka blotter ito sa police station at sa tanggapan ng CENRO at humingi na rin kami ng tulong sa butihing Punong Bayan ng Bulalacao Hon.Mayor Engr.Ernilo C.Villas para mabigyan ng protection ang mga magsasaka pero ito ay walang katiyakan dahil sa inyong tanggapan ang kasagutan sa nasabing isyu kung kaya't kami ay humihingi ng kopya ng sinasabing kasagutang pinadala via registered mail.
Maraming salamat po.
Mabuhay po kayo!!!!

Lubos na gumagalang,
Marianne Arlene Samson Bodegas

On Tue, Jan 10, 2023 at 10:54 AM DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph> wrote:

> Good day!
>
> This is to acknowledge receipt of your email.
> Your concern was immediately forwarded to **LEGAL DIVISION** for review and appropriate action
>
> For other inquiries/follow-up, you may reach them directly to their email address at:
> **denr4blegal@gmail.com**
>
> Kindly note of the Document Number.: **2022-98582**
>
> Thank you and keep safe.
>
> ROBERT T. PANTI
> Database Management Officer
> Records Section - DENR MIMAROPA
>
> On Mon, Jan 9, 2023 at 11:07 AM arlene samson <arlenesamson1104@gmail.com> wrote:
>
>> Kgg.Lormelyn F.Claudio,
>>
>> Madam,magandang araw po sa inyo.
>> Ako po ay muling dumudulog sa inyong butihing tanggapan upang aking ipabatid na ang alleged landowner na si Pancho Solis ay patuloy na nanghaharas sa mga magsasaka na aktwal na nagsasaka sa nasabing lupang sakahan simula pa sa kanilang mga magulang yong iba 1990s pa naging biktima ng pagbibinta ng nagpakilalang may-ari ng lupa at ngayong natuklasan nila na ito ay public land hinaharas naman sila at kami ay naniwala na ang inyong tanggapan ang

> > may tanging magagawa upang ang nasabing panghaharas ay matigil na na pamamagitan ng aktwal na pagbisita sa lugar at mapatunayan ninyo na totoo ang aming sinasabi at matulungang mapatituluhan ang nasabing lupang sakahan sa mga magsasaka na aktwal na nagsasaka at hindi sa umaangkin lamang na walang ginawa kundi perahan ang mga magsasaka.
> > Umaasa po kami ng agarang aksyon.
> > Maraming salamat po.
> >
> > Lubos na gumagalang,
> > Marianne Arlene Samson Bodegas
> > AIF/Magsasaka Party List Provincial Coordinator
> > Sitio Tabuk,Poblacion,Bulalacao,Oriental Mindoro